# Paano ka ba makakatulong?

**Huwag suportahan ang panghuhuli. Huwag bumili ng tiket.**
**Ibahagi an gaming website – www.WOWvsTaiji.com**
**Hikayatin ang ibang mga kababaihan na sumali sa grupo.** Hayaan mong mamulat ang mga tao sa tuwing nagsasalita ka sa kanila tungkol sa mga panghuhuli at pangangaso. At sa tuwing may bagong miyembrong sumasali, naaabot natin ang ibang bahagi ng mundo.
**Hikayatin ang iyong komunidad, mga kaibigan at kapamilya** na huwag suportahan ang panghuhuli. Imungkahi mong manood sila ng Blackfish at The Cove o di kaya'y ayayain mo silang pumunta sa bahay mo at magkuwentuhan tungkol sa mga kinahihiligang gawain buong magdamag. Ang tanging daan upang gumawa ng mas mabubuting desisyon ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng buong kaalaman.
**Makipag-ugnayan sa mga lider ng komunidad o mga kinatawan ng gobyerno.** Hingin ang kanilang opinyon tungkol sa panghuhuli at anumang tulong na maaari nilang maibigay. Alamin kung anong mga batas ang nakatalaga para sa mga mamalyang pandagat sa inyong lugar at tingnan kung ano ang magagawa mo at ng mga lider sa inyong komunidad para mas mapabuti ito.
**Itanong kung maaari ka bang gumawa ng isang presentation sa paaralan ng anak o apo mo.** Magkaroon ng question and answer na sesyon tungkol sa mga dolphins at balyena. Dalhin ang iyong laptop or tablet. Buksan ang Kids section at ibahagi sa kanila ang mga impormasyon at videos. Ang pagbibigay halaga sa mga bagay na may buhay ay nagsisimula sa kanila.
**Tingnan ang aming Eco-Tours** fna seksyon para sa mga alternatibong pasyalan. Tanungin kung gusto ba nilang mag-Eco Tour sa halip na pumunta sa isang marine park na may mga bihag na hayop.
**Magsagawa ng beach clean-up** at magbigay ng mga fliers tungkol sa misyon. Maaaring idownload at iprinta mula sa website ang mga posters, business cards, fliers, stickers/Cling Ons at brochure sa iba't ibang wika kung kalian mo gusto.
**Itanong kung may bakanteng tindahan sa palengke.** Makipag-usap sa mga tao at bigyan sila ng mga fliers, at business cards. Magprinta ng mga poster at ipaskil sa tindahan mo.
**Makilahok sa mga kaganapan.** Tingnan ang Event's page sa aming website para sa mga petsa at mga links sa mga kaganapan na maaari mong suportahan.
**Mag-sign Petitions**
**Kumuha ng kasangkot sa Tweet Storms on Twitter.**

# Maging bahagi

Mga kababaihan, sumali na sa aming Facebook
**facebook.com/groups/women.against.Taiji**

Maaari kayong sumali sa amin gamit ang Twitter
**@WOWvTaiji & @WOWvsCaptivity**

Maaari niyo ring bisitahin ang aming website
**www.WOWvsTaiji.com**

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa Women of the World United Against Taiji, maaari niyo kaming i-email sa ~
**info@WOWvsTaiji.com**



Isinusulong natin ang pagtigil sa panghuhuli at pagpatay ng mga mamalyang pandagat sa pandaigdigang nibel. Tutulungan niyo ba kaming maging boses para sa kanila?

# Sumali Kayo Sa Amin

# MEET Women of the World United Against Taiji

Kami ay lumalaban para matigil ang pagbihag na siya namang nagtatapos sa pagpatay, pagpapahirap at paghuli ng lumba - lumba (dolphins) na nangyayari kada taon simula Setyembre hanggang Marso sa Taiji, Japan. Sila ang pinakamalaking supplier ng dolphins sa marine parks at swim with dolphin na pasilidad sa mundo. Ang pagpatay sa mga ito ay nagpapatuloy sa ibang bahagi at lugar sa Japan gaya nalang ng Faroe Islands kung saan nila hinuhuli at pinapatay ang daan- daan at minsan libo- libong balyena (pilot whales) kada taon. Kaya kailangan nating pangalagaan ang ating karagatan at ang mga nakatira dito bago pa mahuli ang lahat.

**ANG AMING MISYON**

Ang mga babae sa mundo ay nakikipaglaban ng matiwasay na may matibay na paninindigan , para sa isang araw kung saan ang lahat ng cetaceans ay protektado at malayang nakakalangoy sa karagatan. Kapag ang lahat nang pagbihag at paghuli ay natuldokan ito na ang araw kung saan natin masasabing nanalo tayo sa labanan.

**ANG AING GRUPO**

Sa mga taon ang captive facilities na ito ay namumuhunan gamit ang mga dolphins, whales, at ang saktong pag akto ng iba pang hayop para aliwin ang masa, samantala, maraming tao ang walang kamalay malay kung saan nanggagaling ang mga hayop na ito. Ang layunin namin sa WOW ay base sa lebel ng edukasyon kung saan kasali na ang pagturo sa kabataan at mga matatanda na hindi natin dapat suportahan ang mga pasilidad na ito at ang rason kung bakit. Nasa kamay na lamang ng manonood na nagbayad ng ticket kung panonoorin nila ang mga ginagawa ng kawawang nilalang na ito na maaring magtapos sa malalagim na kalakalan. Pakiusap po sana na huwag po nating suportahan ang Marine Parks at Swim with Dolphin na mga pasilidad.




Hikayatin ang mga pagbabago, turuan, at magbigay ng inspirasyon sa iba.

# NAKATUON Sa dahilan

Sinimulan namin ang aming misyon noong Dec. 2014 para suportahan namin ang isa't isa noong dolphin drive. Ito ay naging global awareness mission ngayon. Nagpapatuloy kami upang maabot namin ang maraming bansa at ang grupo ay lumalaki araw- araw.

**Ang mga dolphins at balyena ay nakakaramdam, may sariling kamalayan, kumplikado na nilalang at karapat- dapat sila bigyan ng proteksyon.**

Sa mga nakaraang taon ang pag- iral ng espesyal na cells sa utak na kilala rin sa tawag na spindle cells o Von Economo neurons. Pinaniniwalaan na ang spindle cells ay responsible sa mabilisang pagpili sa panlipunang sitwasyon at kaugnay nito ang emosyon katulad ng pakikiramay. Kumakailan lamang pinaniniwalaan na ang espesyal na brain cells na ito ay makikita lamang sa utak ng tao at ilang mamalyang nilalang. Pinapalabas sa pananaliksik na ang spindle cells na ito ay nasa utak ng sumusunod na balyena at dolphin na nilalang: (www.USwhales.org)

| | |
|---|---|
| Humpback whales | Belugas |
| Fin whales | Bottlenose dolphins |
| Sperm whales | Risso's dolphins |
| Orcas | |

Napatunayan na ang panghuhuli sa kanila ay parang isang buhay na bangugot para sa kanila. Hindi dapat ganito ang pagtrato natin sa ibang nilalang na naninirahan sa planetang ito.
Sa pamamagitan ng pag lock at pagpapagutom sa kanila ay gumagawa sila ng mga tricks sa pagkain, para sa libangan at para sa kita ng malalaking korporasyon. Ang mga nilalang na ito ay hindi nakakapagsalita kaya nasa atin ito kong magsasalita tayo para sa kanila. Nakikiusap po kami na sumali po kayo sa amin at ipalaganap ang ating kaalaman sa panghuhuli ng mga kawawang nilalang nato.

Inaangkin ng SeaWorld at ibang Marine Parks na ito'y para sa edukasyon at konserbasyon kung alam natin na posible nating pag- aralan ang mga bagay na may buhay sa ating kapaligiran. Higit sa lahat ang lugar kung saan matutunan mo kung paano sila namumuhay.

Ang panghuhuli ay hindi edukasyon.

# MABILIS KATUNAYAN Dolphins & Whales

Nakatira sila sa mga panlipunang grupo na tinatawag nating pods. May sarili silang kaalaman, nakakaramdam din sila ng emosyon, inuugnay rin nila ang kanilang mga sarili sa ilang antas ng abstract, konseptwal na pag- iisip, pinipili nila ang kanilang galaw, natututo sila sa pamamagitan ng obserbasyon, naiintindihan nila ang struktura ng kanilang kapaligiran, alam rin nila ang gumagana at hindi sa pamamagitan ng paglutas ng problema, at gumagawa rin sila ng mga bagong solusyon sa problema.

Ang calves ay ginagamit ang gatas ng kanilang ina sa isa hanggang dalawang taon at minsan ay higit pa nito.
Ipinapakita nila ito sa isda (fish) at pusit (squid) na nagkakaedad hanggang apat at anim na buwan. Ang taba na nasa gatas ay nakakatulong para sa kanilang mabilisang paglaki.
Pagkatapos nilang pakainin, lilisan ng lalaki ang pod at depende sa kanila kung gagawa sila ng sariling grupo o sa sasali sa iba.
Ang babaeng supling ay maaring tumira sa parehong grupo ng kanilang ina kung saan ito nakatira. Kung lilisan sila ang mga ito ay maaring nasa malapit lang.

Ang Beluga whale na babae ay sumisisid ng mula isa hanggang dalawang libong talampakan at ang mga lalaki ay sumisisid ng hanggang dalawang libong talampakan. Ang dolphin at whales ay lumalangoy ng isandaang milya at sumisisid ng sampu hanggang isang daan at limampong talampakan ang lalim pero nakakasisid rin sila ng higit pa riyan. Lahat sila ay inaalis nito sa pagkabihag. At ang lawa ay mababaw at parang kulungan.

Ang mga nahuhuling dolphin at orcas ay nanggagaling sa iba't ibang rehiyon at populasyon. Ang mga hinuling dolphins ay pinipilit na tumira kasama ang ibang nilalang na nagdudulot ng pag- aaway at hindi pagkakaintindihan, kasama ang mga nilalang na hindi nanggaling sa gubat.

Ang balyena (whales) at dolphins na nahuhuli ang pinag bibinhi at kadalasan sa mga ito ay bata. Ang mga lahi sa pagkabihag ay hindi kalianman napunta sa paligid ng isans pod kungsaan sila ay tinuturuan kung paano mag alaga ng sanggol sa pamamagitan ng matriarchs ng pod.

Ang ilan ay inabandona ng kanilang ina at ang karamihan ay hindi nabubuhay at kung buhay man ay ihihiwalay nila ito sa kanilang ina at ipapadala sa iba't ibang marine parke sa buong mundo. Breeding incaptivity ay napatunayan na hindi gumagana. Ito ay hindi natural sa anumang paraan.